# ALAMIN ANG IYONG MGA KARAPATAN

## MAGHANDA:

- Tiyaking nasa ligtas na lugar ang lahat ng mahahalagang dokumento kung saan maa-access ng mga miyembro ng pamilya ang mga ito.
- Gumawa ng plano kasama ang pamilya kung sakaling ikaw o ang isang miyembro ng pamilya ay ikinulong ng Immigration and Customs Enforcement (ICE), kabilang ang pagtukoy ng isang katiwala para sa iyong mga anak.
- Kabisaduhin ang mahahalagang numero ng telepono
- Isaalang-alang ang pagkonsulta sa isang abogado ng imigrasyon.

## MAY MGA KARAPATAN KA:

- May karapatan kang manahimik at makipag-ugnayan sa isang abogado.
- May karapatan kang mabigyan ng tamang proseso at madinig ang iyong kaso sa harap ng hukom.
- May karapatan kang tumanggi sa paghahanap o paghalughog sa iyong tahanan maliban kung may warrant of arrest ang ICE (hindi kautusan sa pag-alis, atbp). Walang karapatan ang mga ahente na kapkapan ka o halughugin ang iyong pag-aari nang wala kang pahintulot o makatuwirang dahilan.
- May karapatan kang hilingin sa ICE na umalis.

## KUNG MAKIKIPAG-USAP KA SA ICE:

- Sagutin lamang ang ANUMANG tanong na direktang itinatanong.
- Hindi mo kailangang ibigay ang iyong katayuan sa imigrasyon o lugar ng kapanganakan.
- Kung pumasok ang ICE sa iyong tahanan nang wala ang iyong pahintulot, makatuwirang dahilan, o isang warrant, malinaw na sabihin na hindi mo sila binibigyan ng pahintulot na pumasok o maghanap sa iyong mga gamit.
- Huwag magsinungaling o magpakita ng anumang mali o mapanlinlang na dokumentasyon, kabilang ang pekeng pangalan.
- Wala kang anumang obligasyon na lumagda ng anumang dokumento nang hindi nakikipag-usap sa isang abogado. Huwag lagdaan ang isang dokumentong hindi mo nauunawaan.
- Kung sa pakiramdam mo ay ligtas ka, idokumento ang kaganapan gamit ang iyong telepono (sa pamamagitan ng video o audio recording).
- Kung pupuntahan ka ng ICE sa iyong tahanan o lugar ng trabaho, hilingin na magpakita sila ng warrant bago mo buksan ang pinto.

**Pahayag ng Pagtanggi: Ang dokumentong ito ay para sa pangkalahatang layuning pang-impormasyon lamang. Hindi legal na payo ang mga nilalaman nito.**

U.S. CONGRESSMAN
ROB MENENDEZ
Proudly serving New Jersey's 8th District